Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 10

Mga Isyung Pang-ekonomiya

Ikalawang Markahan – Ikalawang Linggo

Henry R. Ablig
Aurora M. Castillo
Anabel B. Sincero

Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez

Tagasuri

Aileen C. Penaranda

Layout

Edwin C. Abalos
Mariel Eugene L. Luna

Katibayan ng Kalidad

Schools Division Office – Muntinlupa City
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

INAASAHAN

Isang maganda at mapagpalang araw sa ating lahat. Sa linggong ito, panibagong landas ng kaalaman ang ating sama-samang tatahakin. Umaasa ako na magiging bukas ang inyong isip sa pagtuklas ng mga bagong karununganag ating matutuklasan sa araling ito.

Tayo na! Sabay-sabay nating tunghayan ang mga kaalamang inihanda sa inyo sa modyul na ito. Lubos akong umaasa na kayo ay magkakaroon ng kasanayang masuri ang dahilan, dimensyon at epekto ng globalisasyon

Aralin at Sakop ng Modyul
Aralin 1 – Globalisasyon: Konsepto at Anyo
1. Anyo ng Globalisasyon
2. Pagharap sa Hamon ng Globalisasyon

UNANG PAGSUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit na matutunghayan mo sa bahaging ito. Alamin natin ang lawak ng iyong kaalaman hinggil sa mga paksang ating tatalakayin.

I. Panuto: Isulat kung **Tama** o **Mali** ang mga sumusunod na pahayag.

_____ 1. Ang outsourcing ay isa sa mga implikasyon ng globalisasyon.
2. Ang nearshoring ay tinatawag ding domestic outsourcing.
_____ 3. Ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga OFW sa ating bansa at iba pang panig ng daigdig ay isang manipestasyon ng globalisasyon.
_____ 4. Isa sa pagbabagong sosyo-kultural na epekto ng globalisasyon ay ang mabilis na pagpasok ng mga bagong kaalaman at impormasyon
_____ 5. Ang mabilisang ugnayan sa pagitan ng mga bansa, samahang rehiyonal at maging pandaigdigan organisasyon na kinakatawan ng kani-kanilang pamahalaan ay pagbabagong politikal na isa sa manipestasyon ng globalisasyon.
_____ 6. Isa sa paraan ng pagpapatupad ng guarded globalization ay ang pagpapairal ng mga batas, polisiya at mga patakarang magsisiguro sa kapakanan ng mga mamamayan ng isang bansa.
_____ 7. Ang pagdami ng mga MNCs' at TNCs' ay nakatutulong sa ekonomiya ng isang bansa subalit nagdudulot din ito ng ilang negatibong epekto tulad ng pang-aabuso sa mga manggagawa.
_____ 8. Taal o nakaugat na ang globalisasyon sa bawat isa sapagkat likas sa tao na maghangad ng maalwan at maayos na buhay na naging daan sa kanyang pakikipagkalakalan.
_____ 9. Sa pagdami ng mga MNCs' at TNCs' ay naging daan sa pagdami ng mga produktong pagpipiliian sa pamilihan.
_____ 10. Isa sa naging mabuting epekto ng pagdami ng mga MNCs' at TNCs' ay ang paghina at tuluyang pagkalugi ng mga maliliit na mamumuhunan dahil sa di patas na kompetisyon.

II. **Panuto:** Piliin ang **HINDI** kabilang sa pangkat.

_____ 11. Mga karapatan ng mga mangagawa
A. Bawal ang lahat ng uri ng diskriminasyon sa trabaho
B. Karapatang makipagkasundo bilang nahagi ng grupo
C. Karapatang makilahok sa union na Malaya sa panghihimasok ng pamahalaan at tagapangasiwa
D. Karapatang humawak ng anumang posisyon na nais niya nang hindi na kailangan dumaan sa anumang pagsubok.

_____ 12. Mga uri ng migrants
A. International Migrants C. Permanent Migrants
B. Irregular Migrants D. Temporary Migrants

_____ 13. Mga anyo ng pang-aabusong kalakip ng migrasyon
A. Forced Labor C. Illegal Entry
B. Human Trafficking D. Slavery

_____ 14. Hakbang na naglalayong makaangkop sa pamantayang internasyonal ang lahat ng mga manggagawa.
A. ASEAN C. K to 12
B. Bologna Accord D. Washington Accord

_____ 15. Dahilan ng migrasyon
A. Hanapbuhay C. Paghahanap ng ligtas na tirahan
B. Pag-aaral D. Pagbabago ng citizenship

BALIK-TANAW

Sa nagdaang aralin, tinalakay natin ang tungkol sa globalisasyon at kung paanong nakaapekto sa atin. Ating alamin kung natatandaan pa ninyo ito. Isulat sa inyong journal notebook ang mga pagbabagong dulot ng globalisasyon sa mga sumusunod na *perennial institutions*. Maghanda sa pagbabahagi nito sa ating *virtual meeting*.



http://kabarintens.blogspot.com/2015/11/200-judul-skripsi-hukum-perdata-dan.html www.freepptbackgrounds.net

PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Matatandaang ang globalisasyon ay nagdulot ng malaking pagbabago sa ating pamumuhay. Kabilang sa lubusang binago nito ay ang sektor ng ating ekonomiya.

ANYO NG GLOBALISASYON

Globalisasyong Ekonomiko

Sentro sa globalisasyon ang ekonomiya ng isang bansa na patuloy na nagkakaroon ng pakikipag kalakalan sa ibang mga bansa tulad ng mga produkto at serbisyo. Sa paglipas ng panahon, mabilis na nagkaroon ng pagbabago ang pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng mga bansa sa buong mundo. Kinakitaan ito ng modernong pagbabago at maging pag-usbong ng mga naglalakihang korporasyon na ang operasyon ng mga produkto at serbisyo ay hindi lamang nakatuon sa bansang pinagmulan nito kundi pati sa ibang mga bansa. Dahil ditto, makikita na buhay na buhay ang sistema ng kalakalan kaya't ang produkto na mayroon sa ibang bansa ay nakakarating din sa ibang mga bansa dulot ng malawakang kalakalan at pakikipag-ugnayan.

Tunghayan at pag-aralan ang paghahambing sa pagitan ng Multinational Companies at Transnational Companies.

	Multinational Companies	Transnational Companies
Kahulugan	• Ang Multinasyonal na kompanya ay mayroong dalawang salita na multi at nasyonal na ang ibig sabihin ay mayroon itong head quarter sa ibang bansa at pinatatakbo sa iba't ibang sulok ng bansa. • Ang multinasyonal na kumpanya ay tinatawag din sa ibat ibang	• Ang transnasyonal na kumpanya naman ay isang komersyal na negosyo na may operasyon at negosyo sa ibang mga bansa (Higit sa isang bansa)at wala itong bansang tinuturing bilang "Mother home country" • Ayon sa United nations commission on transnational corporation and

	Multinational Companies	Transnational Companies
Katangian	• Ang isang multinasyonal na korporasyon (MNC) o pandaigdigang enterprise ay isang korporasyon organi-zation na nagmamay-ari o kumokontrol sa produk-syon ng kalakal o serbisyo na hindi bababa sa ibang bansa maliban sa kanyang sariling bansa.	• Ang isang Transnational company ay may "subsidiaries" sa ibang bansa • Binibigyang kalayaan na mag desisyon, magsaliksik at magbenta ang mga yunit na ito ayon na rin sa hinihingi ng kanilang pamilihang lokal. Tinatawag ding Transnas-yonal ang korporasyon namumuhunan sa Pilipinas na may malaking kapital tulad ng America at Japan.

	Multinational Companies	Transnational Companies
Halimbawa	Coca cola Corporation Jollibee Corporation Toyota at Honda Convergys call center Uni Liver Procter and Gumble Google,Uber,Fedex Sturbucks 7 eleven Nike shoes	Nestle General electric Metropolitan Bank and Trust Company Ayala Corporation Lopez group of companies Filinvest Development - Corporation

Pagharap sa Hamon ng Globalisasyon

Ang ating mundo ay napaka-dinamiko kaya naman napakaraming pagbabago ang nagaganap. Isa na dito ang hamon ng globalisasyon na kinakaharap ng ating pamahalaan sa larangang ekonomikal, politikal o sosyo-kultural. Narito ang ilang solusyon sa pagharap ng hamon ng globalisasyon na isinasakatuparan sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Guarded Globalization

Ang *guarded globalization* ay tumutukoy sa pagbibigay ng proteksyon ng pamahalaan laban sa epekto ng globalisasyon mula sa mga malalaking negosyante. Sa ilalim ng guarded globalization, nakikiaalam ang pamahalaan sa kalakalang panlabas na naglalayong hikayatin ang mga lokal na namumuhunan at bigyang-proteksiyon ang mga ito upang makasabay sa kompetisyon laban sa malalaking dayuhang negosyante. Sa pamamagitan nito napapangalagaan ng pamahalaan ang kapakapanan ng lokal na namumuhunan sa isang bansa.

Ilan sa mga halimbawa ng polisiyang ito ay ang:

- Pagpataw ng taripa o buwis sa lahat ng produkto at serbisyong nagmumula sa ibang bansa. Sa ganitong paraan ay mas tumataas ang halaga ng mga ito kaya naman mas nagkakaroon ng bentahe ang mga produktong lokal; at
- Pagbibigay ng subsidiya (subsidies) sa mga namumuhunang lokal. Ang subsidiya ay tulong pinansyal ng pamahalaan. Kilala ang United States sa malaking tulong na ibinibigay nito sa mga magsasaka. Isa pang anyo ng subsidiya ay ang pagbawas ng buwis sa mga produktong lokal kaya naman murang naipagbibili ang mga ito. Bukod sa United States, ang China at Japan ay nagbibigay rin ng malaking subsidiya sa kanilang mga namumuhunan.

Patas o Pantay na Kalakalan (Fair Trade)

Ang patas na kalakalan o *fair trade* ay isang pag-aayos na idinisenyo upang matulungan ang mga prodyuser sa mga umuunlad na bansa na makamit ang pagpapanatili ng patas na relasyon para sa mga maliiit na namumuhunan at negosyante. Binibigyang-pansin din nito ang iba pang aspeto ng pakikipagkalakalan tulad ng pangangalaga sa karapatan ng mga manggagawa gaya ng pagbuo ng unyon, pagbibigay ng ligtas na hanapbuhay sa kababaihan ganoon na rin sa mga bata at sinisigurado nitong ang paggawa ng mga produkto ay ligtas para sa lahat. Dagdag pa rito, pinapanatili nito na ang mga presyo ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng bumibili at nagbibili ay bukas sa negosasyon upang sa gayon ay mapangalagaan hindi lamang ang interes ng mga negosyante kundi pati na rin ang kanilang kalagayang ekolohikal at panlipunan.

Ayon naman sa International Fair Trade Association (IFTA), ito ay tumutukoy sa pangangalaga sa panlipunan, pang-ekonomiko at pampolitikal na kalagayan ng

maliliit na namumuhunan. Para naman sa pananaw ng neo-liberalismo, ang fair trade ay nangangahulugan ng higit na moral at patas na pang-ekonomiyang sistema sa daigdig.

Isa sa mga nakinabang sa pantay na kalakalan (fair trade) ay mga magsasaka ng kape. Humigit kumulang pitong milyong katao mula sa umuunlad na bansa (developing nations) kasama ang Brazil ang nakinabang sa patakarang ito dahil sa mas mataas na halaga nila naibenta ang kanilang coffee bean na nagkakahalaga ng $1.29 per pound kung ihahambing sa $1.25 sa pamilihan. Upang maging kuwalipikado, kinakailangan na ang magsasaka ay makasunod sa mga alituntunin sa paggamit ng pesticide, teknik sa pagsasaka, recycling at iba pa.

Sa kabilang banda, hindi lahat ng mga bansa ay napakikinabangan ito tulad ng Columbia, Guatemala at Ethiopia. Malaki ang kinikita ng Starbucks mula sa mataas na uri ng kape mula sa Ethiopia ngunit hindi ang mga magsasaka ng kape. Sa katunayan, isang sentimo lamang mula sa limang dolyar kada tasa ng kape ng Starbucks ang natatanggap ng mga magsasakang ito. Kaya naman, malayo pa ang lalakbayin ng programa o proyektong ito upang higit na mapakinabangan ng mga umuunlad na bansa.

Pagtulong sa 'Bottom Billion'

Ayon sa aklat ni isinulat ni Paul Collier (2007) na ***"The Bottom Billion: Why the Poorest Countries are Falling and What Can be Done About It"***, binigyang diin niya rito na kung mayroon mang dapat bigyan pansin sa suliraning pang ekonomiyang kinahaharap ang daigidig, ito ay ang isang bilyong pinakamahihirap mula sa mga bansa sa Asya lalo't higit sa Africa. May mahalagang papel ang mauunlad na bansa sa pag-alalay sa tinaguriang bottom billion. Ngunit ang tulong pinansiyal (economic aid) ng mayayamang bansa tulad ng Germany, Japan, France at Italy ay sinasabing hindi sapat kung hindi magkakaroon ng mga programa at batas na tutugon sa mga suliraning ito. Partikular dito ang pagbabago ng sistema ng pamamahala na malaki ang kinalaman sa paghihirap ng mga mamamayan nito.

GAWAIN

Naunawaan mo na ba ang mga pagbabagong dulot ng globalisasyon sa daloy ng ating ekonomiya at maging sa pandaigdigang kalakalan? Higit pang umigting ang mga pagbabagong ito nang dumating pandemyang gumimbal sa daigdig. Subukan natin kung maipakikita mo ang mga pagbabagong ito gamit ang mga larawan.

Panuto: Humanap at gumupit ng mga larawang nagpapakita ng mga pagbabagong dulot ng globalisasyon sa ating ekonomiya at maging sa pandaigdigang kalakalan sa gitna ng pandemya. Lagyan ito ng maikling "caption". Mainam din kung gagamitin mo ang iyong kaalaman sa potograpiya. Maaaring ilagay ang mga larawang ikaw mismo ang kumuha.



This Photo by Unknown Author is licensed under CC BY-NC

TANDAAN

Ang **globalisasyon** ay nag-iwan at patuloy na nagbibigay ng malawakang impact sa takbo ng ekonomiya sa buong daigdig. Patuloy nitong binabago ang takbo ng pandaigdigang kalakalan. Maaaring ang ilan sa mga ito ay nagdudulot sa atin ng kabutihan at kasaganahan, subalit nag-iiwan din ito ng malaking kabayaran, o sa mas madaling salita ay masamang epekto.

Subukan niyong magtala ng ilan sa mga Plus at Minus na epekto ng globalisasyon gamit ang tsart sa ibaba.

Epekto ng Globalisasyon sa Pandaigdigang Kalakalan	
Plus (+) **(Mabutihan at Kahalagahan)**	**Minus (-)** **(Negatibong Epekto)**
❖	➢
❖	➢
❖	➢
❖	➢
❖	➢

Tandaan: Nasa ating mga kamay kung paano natin mababawasan kung di man natin mapigilan ang mas malawakang masamang epekto ng globalisasyon. Marapat lamang na isaisip na lagi nating piliin kung ano ang **TAMA** at higit na makabubuti para sa nakakarami, para sa ating bansa at para sa ating kapaligiran.

PAG-ALAM SA NATUTUHAN

PANUTO: Batay sa aralin na ito, isulat ang inyong mga naging pagsusuri sa paksang tinalakay. Ihanay ang mga ito batay sa kani-kanilang kategorya. Alin sa mga natutunang epekto ng globalisasyong ekonomiko ang dapat nating "**Ituloy", "iTIGIL"** at dapat pang bigyan ng malalim na pagsusuri **"TEKA".**

PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

I. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag at piliin ang pinakawastong sagot. Letra lamang ang isusulat.

_____ 1. Isa sa mga hamon sa globalisasyon sa bansa ay ang pagbabago sa workplace ng mga manggagawa. Binago rin nito ang sistema ng pagpili sa mga manggagawa. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapatunay ng pagbabagong ito?

A. Humigpit ang proseso sa pagpasok ng mga dayuhang kompanya, produkto at serbisyo sa bansa kaya kinailangan ang mga world class workers.
B. Tumaas ang kalidad ng mga local na produkto sa pandaigdigang pamilihan kaya kinakailangang mag-angkat ng mga eksperto sa ibang bansa para sanyin ang mga local na manggagawa.
C. Humirap ang kalagayan ng mga dayuhang kompanya sa pagpasok sa bansa kaya kinailangang pababain ang sweldo ng mga local na manggagawa.
D. Naging malaya ang pagpasok ng mga dayuhang kompanya sa bansa dahil sa mababang pagpapasweldo at pangongontrata lamang sa mga lokal na manggagawa.

_____ 2. Malaki ang naging papel ng globalisasyon sa pagdagsa ng mga dayuhang kompanya, produkto at serbisyo sa bansa. Ayon sa ulat ng DTI noong 2010, may pinakamalaking paglago dito ay sa sektor ng serbisyo na kung saan nanguna ang industriya ng BPO. Sa kabilang dako, patuloy namang patuloy naming bumababa ang sektor ng agrikultura. Anong konklusyon ang mahihinuha sa pahayag na ito?

A. Magaling ang mga Pilipino sa larangan ng teknolohiya at impormasyon.
B. Karamihan sa mga kabataang Pilipino ay kumukuha ng mga kursong may kinalaman sa BPO.
C. Mababa ang pagpapasweldo, pabago-bago ang paggawa sa bansa at ang lengguwaheng English ang isa sa pangunahing wika na madali sa Pilipino.
D. Malaki ang naitulong ng pagdagsa ng makabagong gadget sa bansa kaya madaling makasabay ang mga Pilipino sa mga serbisyong on-line.

_____ 3. Ayon sa ulat ng International Labor Organization o ILO noong 1992 at 1997 mas dumarami na ang nag-eempleyo sa bansa bilang kaswal o kontraktwal kaysa sa pagiging regular o permanente bunsod ng mag polisiya tungkol sa flexible working arrangement ng pamahalaan sa mga pribadong kompanya sa hanay ng sektor ng serbisyo, sub-sektor nito at ng mga TNC's. Ano ang iyong mahihinuha sa ulat na ito?

A. Ito ay bunsod ng mataas na pamantayan ng mga dayuhang kompanya sa pagpili ng mga manggagawa upang maging regular.
B. Ito ay bunsod ng mahigpit na patakaran ng pamahalaan sa mga dayuhang kompanya sa Pilipinas kay't mura at flexible ang paggawa sa bansa.
C. Ito ay bunsod ng matinding pangangailangan ng trabaho sa bansa kaya kahit mura at flexible labor ay hinayaan ng pamahalaan na magpatupad ang mga pribadong kompanya na gawaing kaswal na manggagawang Pilipino.

D. Ito ay bunsod ng pinaluwag na patakaran ng pamahalaan kagaya ng pagpayag sa eskimang subcontracting at tax incentives upang makahikayat ng mas maraming dayuhangkompanya na magtayo ng mga negosyo at serbisyo sa bansa.

_____ 4. Noong taong 2013, nagmula sa Asya ang pinakamalaking bilang na migrante na lumabas sa kanilang bansa. Ano ang mahihinuha rito?

A. Mas malaki ang oportunidad sa labas ng Asya.
B. Kakaunti ang oportunidad na makakuha ng mga mamamayan sa Asya.
C. Kahirapan ang mas namamayani sa Asya at hindi kaginhawahan ng pamumuhay.
D. Mas kinakakitaan ng mas malaking oportunidad ng mga Asyano ang ibang lugar bunga ng iba't ibang hanap-buhay na mapapasukan na angkop sa kanilang natapos.

_____ 5. Maaaring uriin ang Outsourcing sa mga sumusunod maliban sa isa.

A. Nearshoring B. Offshoring C. Onshoring D. Inshoring

_____ 6. Ang pag-usbong ng Estados Unidos bilang global power matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaidig ay isa sa mga pangyayari na sinasabing may tuwirang kinalaman sa pag-usbong ng globalisasyon. Alin sa mga sumusunod na kaganapan ang di kabilang sa pagiging super power ng Estados Unidos?

A. Pinabagsak ng mga terorista ang Twin Towers sa New York.
B. Naungusan ang France at Great Britain sa usaping pang-ekonomiya.
C. Pagsakop sa mga Asyanong bansang Korea (1950) at Vietnam (1960-70).
D. Ipinakita ng US sa daigdig ang kanyang lakas-militar ng talunin nito ang Japan at Germany sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

_____ 7. Isa sa mga isyu na kinakaharap sa paggawa sa Pilipinas ay ang pag-iral ng sistema ng mura at flexible labor. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang naglalarawan sa konsepto ng mura at flexible labor?

A. Ito ay paraan ng mga mamumuhunan na bigyan ng kalayaan ang mga manggagawa sa pagpili ng kanilang magiging posisyon ng kompanya.
B. Ito ay paraan ng mga mamumuhunan na ipantay ang kanilang kinikita at tinutubo sa pagpapatupad ng malaking pasahod at paglilimita sa panahon ng paggawa ng mga manggagawa.
C. Ito ay paraan ng mga mamumuhunan na palakihin at tinutubo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng malaking pasahod at pagpapahaba sa panahon ng paggawa ng mga manggagawa.
D. Ito ay paraan ng mga mamumuhunan na palakihin ang kanilang kinikita at tinutubo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mababang pasahod at paglilimita sa panahon ng paggawa ng mga manggagawa.

_____ 8. Mahalaga sa isang manggagawa ang seguridad sa paggawa sa kanilang pinapasukang kompanya subalit patuloy ang paglaganap ng iskemang subcontracting sa paggawa sa bansa. Ano ang iskemang subcontracting?

A. Pag-eempleyo ng isang manggagawa upang gawin ang isang trabaho o serbisyo sa loob ng anim na buwan
B. Pagkuha ng isang ahensya o indibidwal na subcontractor sa isang manggagawa sa loob ng mas mahabang panahon
C. Iskema ng pagkuha ng isang ahensya o indibidwal na subcontractor ng isang kompanya para sa pagsagawa ng isang trabaho o serbisyo.
D. Sistema ng pagkuha ng isang kompanya sa isang ahensya o indibidwal na subcontractor upang gawin ang isang trabaho o serbisyo sa isang takdang panahon

_____ 9. Ano ang migrasyon?
A. Proseso ng pag-alis o paglipat mula ng permanente sa isang lugar
B. Proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar
C. Proseso ng pag-alis o paglipat sa kaguluhan ng mga mamamayan
D. Proseso ng pag-alis o paglipat dulot ng mga hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinagmulan.

_____ 10. Isa sa naging bunga ng globalisasyon ay ang pagdami ng mga Transnational Corporation o TNC. Ano ang mga itinuturing na TNC?
A. Mga negosyanteng piniling magpaunlad sa sariling bayan
B. Mga kompanya o negosyo na nagtatag ng pasilidad sa ibang bansa.
C. Mga local na negosyante na namumuhunan ng malaki sa kanilang lokalidad.
D. Mga dayuhang mamumuhunan na nakikisosyo sa mga local na negosyante sa ating bansa.

II. **Pagtukoy:** Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot sa bawat bilang.

_____ 11. Pagkuha ng kompanya ng serbisyo mula sa isang kompanya na may kaukulang bayad.

_____ 12. Pagkuha ng serbisyo ng isang kompanya mula sa ibang bansa na naniningil ng mas mababang bayad.

_____ 13. Tinatawag ding domestic outsourcing na nangangahulugan ng pagkuha ng serbisyo ng isang kompanyang mula din sa loob ng bansa na nagbubunga ng higit na mababang gastusin sa operasyon.

_____ 14. Nangangahulugan ng higit na moral at patas na sistemang pang-ekonomiya sa daigdig.

_____ 15. Sektor na nagkakaloob ng lakas paggawa, kasanayan, kaalaman at paglilingkod sa isang ekonomiya.

Sanggunian

Belinda Marjorie Lopez Pelayo, Globalisasyon: Konsepto at Perspektibo
DepEd Module, 156 – 184pp.
Eleanor D. Antonio, KAYAMANAN: Mga Kontemporaryong Isyu (856 Nicanor Reyes, Sr. St.: REX Book Store, May 2017), 93 – 117pp.

PRETEST
1) TAMA, 2)MALI,3)TAMA, 4)MALI,5)TAMA, 6)TAMA, 7)TAMA, 8)TAMA, 9)TAMA, 10)MALI, 11)D, 12)A, 13)C,14)A, 15)D

POST TEST
1)A, 2) C, 3) D, 4)D, 5)D, 6)A, 7)D, 8)D, 9)B, 10)B, 11)Outsourcing, 12)Offshoring,13)Onshoring, 14)Fair Trade 15) Sektor ng serbisyo